

Filipino

Ikalawang Markahan

Sariling Linangan Kit 4: Maikling Kuwento



Filipino – Ikasampung Baitang
Ikalawang Markahan – Sariling Linangan Kit 4: Maikling Kuwento
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa Sariling Linangan Kit na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa SLK na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon XI
Regional Director: Allan G. Farnazo
Assistant Regional Director: Maria Ines C. Asuncion

Bumubuo sa Pagsusulat ng Sariling Linangan Kit

Manunulat: Yvette Rosanna P. Escalera/ Mary Jean L. Sarol

Editor: Lyn Vincent J. Balatero

Tagasuri: Rene P. Sultan / Lyn Vincent J. Balatero

Tagaguhit: Hareld O. Candari / Jemar D. Aliñabo

Tagalapat:

Tagagawa ng Template: Neil Edward D. Diaz

Tagapamahala:

Allan G. Farnazo	Reynaldo M. Guillena
Mary Jeane B. Aldeguer	Alma C. Cifra
Analiza C. Almazan	Aris B. Juanillo
Ma. Cielo D. Estrada	May Ann M. Jumuad
Mary Jane M. Mejorada	Rene P. Sultan

Inilimbag sa Pilipinas ng Kagawaran ng Edukasyon XI

Department of Education – Division of Davao City

Office Address: DepEd Davao City Division.E. Quirino Ave., Davao City

Telefax: 227-4726

E-mail Address: davaocity.division@deped.gov.ph

Filipino

Ikalawang Markahan

Sariling Linangan Kit 4:

Maikling Kuwento

Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang Sariling Linangan Kit na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa SLK.

Para sa mag-aaral:

Ang Sariling Linangan Kit na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang sumusunod ay mga paalala kung paano gagamitin ang SLK:

1. Gamitin ang SLK nang may pag-iingat. Huwag susulatan ang bawat pahina nito. Gumamit ng ibang papel na maaaring sulatan ng mga kasagutan mula sa iba't ibang kasanayan.
2. Huwag kalimutang sagutan and *Subukin Natin* bago dumako sa susunod na gawain.
3. Basahin at unawaing mabuti ang mga panuto bago isagawa ang mga gawain.
4. Inaasahan ang inyong katapatan at integridad sa pagsagawa, pagsagot at pagwawasto ng mga gawain.
5. Tapusin muna ang kahingian ng bawat bahagi bago pa dumako sa susunod na gawain.
6. Isauli/ Ipasa ang SLK sa inyong guro o tagapagdaloy pagkatapos ng mga gawain.

Kung may mga bahagi ng SLK na ito na nahihirapan ka sa pagsagot, huwag mag-atubiling komunsulta sa inyong guro o tagapagdaloy. Tandaan na hindi ka nag-iisa sa gawaing ito. Inaasahan namin na sa pamamagitan ng SLK na ito, ay mararanasan mo ang isang makabuluhan, masining at malalim na pagkatuto at pag-unawa sa mga kasanayang pampagkatuto. Kaya mo yan!



Alamin Natin

Mapag-aaralan mo ang isang maikling Kuwento mula sa Estados Unidos ng Amerika. Isang kuwentong magpapalawak sa inyong kaalaman tungkol sa isang samahan upang patuloy yumabog bilang indibidwal sa mundong ginagalawan. Maibabahagi mo ang iyong talas ng isip sa pagbibigay kahulugan sa mga mahihirap na salita, kabilang ang mga terminong ginagamit sa panunuring pampanitikan.

Sundin mo lang ang mga panuto para sa madali mong pagkatuto.

Inaasahang maisasagawa mo ang sumusunod:

1. nabibigyang-kahulugan ang mahihirap na salita, kabilang ang terminong ginagamit sa panunuring pampanitikan;
2. naitala ang mga salitang magkakatulad/at magkakaugnay sa kahulugan;
3. nagagamit ang angkop at mabisang mga pahayag sa pagsasagawa ng suring-basa o panunuring pampanitikan;
4. nahihinuha sa mga bahaging nabasa ang pakikipag-ugnayang pandaigdig;
5. nasusuri sa diyalogo ng mga tauhan ang kasiningan ng akda;
6. nasusuri ang kuwento sa pananaw realismo o alinmang angkop na pananaw/teoryang pampanitikan;
7. naihahambing ang akda sa iba pang katulad na genre batay sa tiyak na mga elemento nito.



Subukin Natin

Panuto: Sagutin ang sumusunod na tanong. Titik lamang ang isulat sa iyong sagutang papel.

1. Nasa tanggapan siya noon ng pahayagan nang makarating ang balitang nagkaroon ng sakuna sa may riles, isang aksidente na sanhi ng kamatayan ni Brently Mallard. Tukuyin ang mga salitang magkatulad sa loob ng pahayag.
 - A. tanggapan at pahayagan
 - B. sakuna at aksidente
 - C. makarating at nagkaroon

2. “Naamoy niya sa hangin ang mabangong hininga ng bagong patak na ulan”. Ang pahayag ay nangangahulugang
 - A. Ang hangin ay mabango dahil umuulan.
 - B. Malinis at mabango ang hangin dala ng ulan.
 - C. Nakikita na niya ang magandang pagbabago sa buhay.

3. **Tagos hanggang buto** ang mga salitang lumalabas sa bibig ng kaniyang asawa. Ano ang ibig sabihin ng salitang nasalungguhan?
 - A. napakasakit magsalita
 - B. walang pakialam kung magsalita
 - C. may halong kalokohan kung magsalita


4. “Bata pa siya, may maganda at kalmadong mukha, kung saan ang mga guhit ay kakikitaan ng katatagan at pagsupil sa kung anomang nararamdaman”. Ang pahayag na ito ay nagpapakita ng __
 - A. kahinaan
 - B. kalukuhan
 - C. katapangan

5. “Gulat ang lahat nang pumasok si Brently Mallard, halatang pagod nang kaunti, malayo raw siya sa lugar kung saan nangyari ang sakuna. Ikinatulala niya ang malakas na pagtili ni Josephine”. Sa pagtili ni Josephine mahihinuha na _____.
 - A. May nangyari na hindi mabuti.
 - B. Natuwa sa pangyayari.
 - C. Naguguluhan sa mga pangyayari.



Aralin Natin

Basahin at unawain ang isang maikling kuwento.



Ang Kuwento ng Isang Oras
ni Kate Chopin

Batid ng lahat na may sakit sa puso si Ginang Mallard kaya naman lahat ng pag-iingat ay ginawa nila sa pagpapaalam sa kaniya ng masaklap na balitang patay na ang kaniyang asawa.

Si Josephine, ang kaniyang kapatid ang bumasag nito sa kaniya. Sa paputol-putol na paraan ay unti-unting naipahiwatig nito ang pangyayari habang nakatabi naman sa kaniya si Richard. Si Richard ay kaibigan ng kaniyang asawa at siyang unang nakarinig sa balita. Nasa tanggapan siya noon ng pahayagan nang makarating ang balitang nagkaroon ng sakuna sa may riles ng tren kung saan isa si Brently Mallard sa mga “namatay”. Naghintay lang siya sandali sa pagdating ng pangalawang telegrama upang makumpirma ang balita at saka nagmamadaling nagtungo sa tahanan ng mga Mallard upang siya ang maunang makapaghatid ng balita at maagapan ang ibang taong maaaring hindi maging kasing-ingat at kasimbanayad niya sa pagsasabi.

Di tulad ng ibang babaeng nakaririnig sa ganitong masaklap na balita na di agad makukuha ang bigat at kahulugan nito, si Ginang Mallard ay agad napasigaw at buong pait na nanangis sa mga bisig ng kaniyang kapatid. Nang mapawi ang matinding unos ng dalamhati ay agad siyang nagkulong sa kanyang silid. Sinabihan niya ang lahat na gusto niyang mapag-isa.

Napasalampak siya sa isang malaking silyang nakaharap sa bintana. Pakiramdam niya’y pagod na pagod siya. Pagod na hindi lang nadarama ng kaniyang katawam kundi umaabot sa kaibuturan ng kaniyang kaluluwa.

Natatanaw niya sa labas ng bintana ang mga dahon ng punong tila masayang-masaya sa pagdating ng tagsibol. Naaamoy niya sa hangin ang mabangong hininga ng bagong patak na ulan. Naririnig niya mula sa ibaba ang sigaw ng tinderong nag-aalok ng kaniyang paninda. Nakarating din sa kaniyang pandinig ang mahinang himig ng awiting inaawit ng kung sino, gayundin ang masasayang awitan ng mga ibong maya.

Sa gawing kanluran ng kaniyang bintana ay nakasilip ang bughaw na langit sa mga balumbon ng mapuputing ulap.

Isinandal niya ang kaniyang ulo sa malambot na kutsong nakabalot sa silya nang hindi halos gumagalaw maliban na lang sa paghikbing tila bumibikig sa kaniyang lalamunan at yumanig sa kaniyang buong katawan, tulad ng isang batang sa pag-idlip ay humihikbi pa rin hanggang sa kaniyang panaginip.

Bata pa siya, may maganda at kalmadong mukha, kung saan ang mga guhit ay kakikitaan ng katatagan at pagsupil sa kung anomang nararamdaman. Subalit ngayon siya’y nakatitig sa kawalan, sa bughaw na kalangitang natutuldukan ng mumunting ulap. Hindi ito titig ng pagmumuni-muni kundi pagpigil sa isang matalinong kaisipang nais kumawala.

May isang damdaming paparating sa kaniya at hinihintay niya ito nang may pagkatakot. Ano ba ito? Hindi niya maipaliwanag; banayad at mailap, hindi niya matanto kung ano. Subalit nararamdaman niyang ito'y gumagapang sa kalangitan, dumarating sa kaniya sa pamamagitan ng mga tunog, ng amoy, ng kulay na pumupuno sa hangin.

Ngayo'y tumahip ang kaniyang dibdib at nakadarama siya ng kalituhan. Unti-unti na niyang nakikilala ang bagay na lumalapit at bumabalot sa kaniyang pagkatao habang pinipilit niya itong paglabanan kahit pa wala na siyang lakas na makikita sa dalawang maninipis at namumuti niyang palad. Namalayan na lang niyang isang salita ang ibinulong ng kaniyang mga labi. Paulit-ulit ang pagbigkas nang pabulong: "Malaya, malaya, malaya!" Ang titig sa kawalan at pagkatakot ay nawala sa kaniyang mga mata. Sa halip ang mga ito'y napalitan ng ningning. Bumilis ang tibok ng kaniyang, ang bugso ng dugo ay nakapagparelaks sa bawat himaymay ng kaniyang buong katawan.

Hindi siya huminto upang tanungin kung ang damdamin bang umiiral sa kaniya'y isang higanteng kaligayahan o hindi. Minaliit ng malinaw at mataas niyang pananaw ang nadarama. Alam niyang luluha siyang muli kapag nakita niya na ang mabubuti at mapagpalang mga kamay na pinagsalikop ng kamatayan; ang mukhang tanging titig lang ng pag-ibig ang inuukol sa kaniya, ngayo'y matigas, kulay abo, at patay. Subalit natatanaw na niya sa kabila ng mapait na gunitang ito ang paparating na maraming taon na kaniyang-kaniya na. Iniunat niya ang kaniyang mga braso at kamay upang salubungin ito.

Wala na siyang sinomang paglalaanan ng kaniyang buhay sa mga darating na taon; Mabubuhay na lang siya para sa sarili niya. Wala ng makapangyarihang bagay ang magpapasunod sa kaniya sa isang bulag na paniniwalang ang babae at lalaki ay may karapatang magpataw ng kagustuhan para sa isa't isa. Mabuti man o masama ang intensiyon, isa pa rin itong krimen sa kaniyang pananaw sa mga sandaling ito ng kaniyang pagmumuni-muni.

Subalit mahal niya ang asawa- minsan-minsan. Madalas, hindi niya ito nadarama. Subalit hindi na ito mahalaga. Ano pa ba ang silbi ng pagmamahal sa harap ng malakas na damdaming itong bago pa lang niyang nakikilala at bumabalot sa kaniyang pagkatao.

"Malaya na! Malaya na ang aking katawan at kaluluwa!" ang paulit-ulit niyang ibinubulong.

Si Josephine ay nakaluhod sa labas ng nakapinid na pinto habang ang mga labi ay nakadikit sa susian at nagmamakaawang papasukin siya. "Louise, buksan mo ang pintuan! Para mo nang awa, buksan mo ang pinto-magkakasakit ka sa ginagawa mo. Ano ba ang ginagawa mo, Louise? Sa ngalan ng Diyos, buksan mo ang pinto!"

“Umalis ka na. Hindi ako gagawa ng bagay na magdudulot sa akin ng sakit.” Hindi. Ngayon pang siya ay tumutunga ng gamot mula sa buhay na nagmumula sa bukas na bintana ng kaniyang silid.

Naisip na niya ang mga araw na darating sa buhay niya. Mga araw ng tagsibol, mga araw sa tag-araw, at iba’t iba pang araw na kaniyang-kaniya lang. Umusal siya nang maikling panalangin na sana’y humaba pa ang buhay niya. Kahapon lang, naisip niya nang may pag-aalala na baka maging mahaba ang buhay niya.

Tumayo siya at pinagbuksan ng pinto ang kapatid na kanina pa nangungulit. Makikita sa ningning ng kaniyang mga mata ang tagumpay at naglakad siyang tila isang diyosa ng tagumpay. Sinapo niya ang baywang ng kapatid at masigla silang bumaba ng hagdan. Nakatayo si Richard habang naghihintay sa kanila sa ibaba ng hagdan.

May nagbubukas sa susian ng harapang pintuan. Gulat ang lahat nang pumasok si Brently Mallard, halatang pagod nang kaunti, dala-dala ang kaniyang bag at payong. Malayo raw siya sa lugar kung saan nangyari ang sakuna at ni hindi nga niya alam na nagkaroon pala nito. Ikinatulala niya ang malakas na pagtili ni Josephine; naging mabilis si Richard na humarang sa pagitan nila ng asawa.

Nang dumating ang doktor ay sinabing namatay si Louise dahil sa sakit sa puso- nang dahil sa kaligayahang nakamamatay.

Marasigan, E. et.al, Pinagyang Pluma 10 Pahina 214-217.

I. Pag-unawa sa Binasa

Panuto: Sagutin ang sumusunod na tanong. Titik lamang ang isulat sa iyong sagutang papel.

1. Anong uri ng samahan ang ipinakikita ng mag-asawa sa kuwento?
 - A. May pagmamahalan sa loob ng bahay.
 - B. Selosan ang umiiral sa kanilang samahan.
 - C. Ang lalaki ay makapangyarihan na dapat sundin ng babae.
2. Bakit pinamagatang “Isang Oras” ang kuwento?
 - A. Sa orasan umiikot ang kuwento.
 - B. Sa isang oras namulat siya sa katotohanan.
 - C. Ang orasan ang dahilan ng kanilang paghihiwalay.
3. Ano ang dahilan sa agad niyang pagkulong sa kaniyang silid at sinabing gusto niyang mapag-isa?

- A. Maghanda ng mga magagarang damit.
 - B. Matulog dahil pagod na pagod ang kaniyang buong katawan.
 - C. Nag-iisip sa mga araw na darating sa buhay niya, na sa wakas siya ay malaya na.
4. Ano ang totoong dahilan ng kamatayan ni Louise Mallard?
- A. Ikinulong at binubugbog ng kaniyang asawa.
 - B. Pagkadismaya at nabigla dahil naudlot ang minimithi niyang kalayaan.
 - C. Ang pagkain ng mga mamantikain at maaalat na pagkain.
5. “Ano ba ang ginagawa mo, Louise? Sa ngalan ng Diyos, buksan mo ang pinto”! Anong damdaming nangingibabaw sa pahayag na ito?
- A. nagagalit sa kausap
 - B. nagmamakaawa sa isang tao
 - C. nangsisisi sa mga ginawa

Palalawakin pa natin ang iyong kaalaman at unawa sa pagpapatuloy ng aralin.

Panunuri o Suring-basa

Ang **suring –basa** ay isang anyo o pagsusuri o rebyu ng binasang teksto o akda tulad ng nobela, maikling kwento, tula, sanaysay, o iba pang gawa/uri ng panitikan.

Ang pagsusuri o rebyu ay ang pag-alam sa nilalaman (content), kahalagahan (importance) at ang estilo ng awtor o may-akda (Author' writing style). Sa pagsasagawa nito maaaring gumamit ng isang balangkas o pormat ng suring-basa tulad ng sumusunod:

- I. Pamagat, may-akda, genre
- II. Buod
- III. Paksa
- IV. Bisa (sa isip, sa damdamin)
- V. Mensahe
- VI. Teoryang Ginamit

Ang **buod** ay maaaring isulat sa lima hanggang anim na mahahalagang pangungusap (lalo na kung maikling kuwento). Matapos basahin ang teksto, balikan isa-isa ang mahalagang pangyayari, pagdugtong-dugtungan ito at mabubuo na ang buod. Kung pelikula o kaya naman *maikling kuwento*, *magsimula* sa pangunahing tauhan at sabihin ang mahalagang nangyari sa

kaniya mula simula hanggang wakas. Samantala ang **paksa** ay sumasagot sa tanong tungkol saan ang binasa. Tumutukoy naman sa kung paano naimpluwensiyahan ang pag-iisip, utak, o paraan ng pag-iisip ng mambabasa sa bisa sa isip. **Bisa sa damdamin** naman ay kung ano ang nadama at paano natigatig ang emosyon ng mambabasa. Tumutukoy ang mensahe sa kung ano ba ang gustong sabihin ng teksto sa mambabasa o maaari ring gustong sabihin ng sumulat ng teksto. Nagpapahiwatig ang manunulat at hinihinuha naman ng mambabasa ang pahiwatig nito.

Mas madaling makuha ang mensahe ng manunulat kung ang mambabasa ay may malalim na pag-unawa sa panitikan. Mahalaga rin na masuri ang tiyak na teoryang pampanitikan na lumulutang sa nasabing akda. Halimbawa kung mas binigyang-diin ang tungkol sa pamamagitan ng mga pangyayari sa buhay ng tauhan na sa kapalaran ay bunga ng kultura at *heredity* at hindi sa pamamagitan ng kaniyang sariling pagpili.

Eksistensiyalismo kung ipinakita at mas lumutang na ang naganap sa buhay ng tauhan, mga pangyayari ay bunga ng kaniyang sariling pagpili dahil naniniwala siya na ang isa sa dahilan ng *existence* ng tao sa mundo at hubugin ang sarili niyang kapalaran. Mahalagang makapagbigay ng maraming halimbawa ang guro para mas malawak ang sakop ng pagtalakay. Sa teoryang ginamit madalas nakikita rin ang kahalagahan ng panitikan sa lipunan lalo na kung ang teksto ay nasulat sa isang mahalagang panahon ng kasaysayan.

Ambat, V. et.al, Filipino Modyul 10 para sa mag-aaral, pahina 165.

A. Panuto: Magsagawa ng suring-basa o panunuring pampanitikan, mula sa binasang akda. Gayahin ang *format* na nakasaad sa tekstong binasa.

- I. Pamagat, may-akda, genre
- II. Buod
- III. Paksa
- IV. Bisa (sa isip, sa damdamin)
- V. Mensahe
- VI. Teoryang ginamit

Narito ang panuntunan sa pagbibigay ng puntos sa iyong sagot.

	15	10	5
	Napakahusay	Mahusay	Katamtaman
Nailahad nang angkop at maayos ang pagkasunod-sunod ng mga pangyayari			

Napalutang ang mensahe, aral, o kakintalang taglay ng maikling kuwento.			
Kabuoan	30		



Gawin Natin

Panuto: Ibigay ang kahulugan sa mga salita o terminong may salungguhit na ginamit sa akda. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

- Batid ng lahat na may sakit sa puso si Ginang Mallard kaya naman lahat ng pag-iingat ay ginagawa nila sa pagpapaalam sa kaniya ng masaklap na balitang patay na ang kaniyang asawa.
A. magandang balita B. malungkot na balita C. masayang balita
- “Alam niyang luluha siyang muli kapag nakita niya na ang mabubuti at mapagpalang mga kamay na pinagsalikop ng kamatayan.
A. nawawala B. napapaikutan C. napupuno
- “Bata pa siya ay may maganda at kalmadong mukha na kung saan ang mga guhit ay kakikitaan ng katatagan at pagsupil sa kung anomang nararamdaman”.
A. pag-iwan B. pagbalewala C. pagpigil
- “Wala na siyang sinomang paglalaanan ng kaniyang buhay sa mga darating na taon”.
A. pag-uukulan B. paglagay C. pag-iwas
- Hindi siya huminto upang tanungin kung ang damdamin bang umiiral sa kaniya’y isang higanteng kaligayahan.
A. Masaya dahil may nakitang higante.
B. Maligaya siya sa taong may malaking pag-ibig sa kaniya.
C. Nakadama nang lubos na kaligayahan



Sanayin Natin

Panuto: Sa gawaing ito susuriin mo ang mga diyalogo ng mga tauhan sa kuwento ayon sa kasiningan ng akda. Titik lamang ang isulat sa inyong sagutang papel.

1. "Wala na siyang sinomang paglalaanan ng kaniyang buhay sa mga darating na taon. Mabubuhay na lang siya para sa sarili niya".
 - A. Wala na siyang pagsisilbihang ibang tao ang iisipin na lamang niya ay ang kaniyang sarili.
 - B. Wala na siyang pakialam sa mga pangyayari, ang iisipin na lamang niya ay ang sarili.
 - C. Walang ibang tao ang maaaring makialam sa kaniya, dahil sarili niya iyon.

2. "Subalit natatanaw na niya sa kabila ng mapait na gunitang ito ang paparating na maraming taon na kaniyang-kaniya na".
 - A. Naging sakim sa kaniyang kayamanan.
 - B. Nakita na niya ang paparating niyang kalayaan.
 - C. Naging gahaman dahil sa kaniyang mga naranasan.

3. "Nakarating din sa kaniyang pandinig ang mahinang himig ng awiting inaawit ng kung sino, gayundin ang masasayang awitan ng mga ibong maya".
 - A. Masayang nag-aawitan ang mga taong napapalibot sa kaniya.
 - B. Ang mga ibon sa kagubatan ay masayang nag-aawitan.
 - C. Nakaramdam siya ng saya at nagkaroon ng positibong pananaw.

4. "Wala ng makapangyarihang bagay ang magpapasunod sa kaniya sa isang bulag na paniniwalang ang babae at lalaki ay may karapatang magpataw ng kagustuhan para sa isa't isa".
 - A. Wala na siyang pagsisilbihang tao sa buong buhay niya.
 - B. Wala na ang makapangyarihang kaaway niya.
 - C. Wala na siyang pakialam sa amo niyang sakim.

5. "Naiisip na niya ang mga araw na darating sa buhay niya. Mga araw ng tagsibol, mga araw sa tag-araw, at iba't iba pang araw na kaniyang-kaniya lang".
 - A. Nakikita na niya ang mga magagandang mangyayari sa buhay niya na kaniyang haharapin mag-isa.
 - B. Nagugunita niya ang mga sakit na sa bandang huli ay kaligayahan.
 - C. Nakikita na niya ang pagsibol ng araw na wala na ang taong mahal niya at siya na lang mag-isa.



Tandaan Natin

Ang maikling kuwento o maikling katha ay nililikha nang masining upang mabisang maikintal sa isip at damdamin ng mambabasa ang isang pangyayari tungkol sa buhay ng tauhan o ng lugar na pinangyarihan ng mahahalagang pangyayari? Taglay nito ang pagkakaroon ng (1) iisang kakintalan; (2) may isang pangunahing tauhang may mahalang suliraning kailangang bigyan ng solusyon; (3) tumatalakay sa isang madulang bahagi ng buhay; (4) may mahalagang tagpuan; (5) may kawilihan hanggang sa kasukdulan na agad susundan ng wakas.

Ang mga elementong taglay ng maikling kuwento ay tauhan, tagpuan, banghay, tunggalian, simbolo, pahiwatig, magagandang kaisipan o pahayag at maging ang paraan kung paano ito nagsimula at nagwakas.

Ambat, V. et. al, Filipino Modyul 10 para sa mag-aaral, p 290.



Suriin Natin







A. Panuto: Sagutin ang sumusunod na tanong. Titik lamang ang isulat sa inyong sagutang papel.

1. Nasa tanggapan siya noon ng pahayagan nang makarating ang balitang nagkaroon ng sakuna sa may riles, isang aksidente na sanhi ng kamatayan ni Brently Mallard. Tukuyin ang salitang magkatulad sa loob ng pahayag.
 - A. tanggapan at pahayagan
 - B. sakuna at aksidente
 - C. makarating at nagkaroon
2. “Naamoy niya sa hangin ang mabangong hininga ng bagong patak na ulan”. Ang pahayag ay nangangahulugang ____
 - A. Ang hangin ay mabango dahil umuulan.
 - B. Malinis at mabago ang hangin dala ng ulan.
 - C. Nakikita na niya ang magandang pagbabago sa buhay.
3. **Tagos hanggang buto** ang mga salitang lumalabas sa bibig ng kanyang asawa. Ano ang ibig sabihin ng katagang nasalungguhitan?
 - A. napakasakit magsalita
 - B. walang pakialam kung magsalita
 - C. may halong kalokohan kung magsalita

4. “Bata pa siya ay may maganda at kalmadong mukha na kung saan ang mga guhit ay kakikitaan ng katatagan at pagsupil sa kung anomang nararamdaman”. Ang pahayag na ito ay nagpapakita ng ____
 A. kahinaan B. kalokohan C. katapangan
5. Gulat ang lahat nang pumasok si Brently Mallard, halatang pagod nang kaunti, malayo raw siya sa lugar kung saan, nangyari ang sakuna. Ikinatulala niya ang malakas na pagtili ni Josephine.
 Sa pagtili ni Josephine mahihinuha na ____
 A. may nangyayaring hindi mabuti
 B. natuwa sa pangyayari
 C. naguguluhan sa mga pangyayari

B. Panuto: Itala sa loob ng bilog ang mga salitang magkakatulad o magkakaugnay ang kahulugan. Makikita sa loob ng kahon na nasa ibaba ang mga salitang pagpipilian. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

hal.



Batid	kasing-ingat	himig	kasimbanayad	tunog	nakita
mataas	alam	paghikbi	mahaba	pagluha	natanaw
	nawasak				



Payabungin Natin

Panuto: Sagutin ang mga tanong at isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Alin sa mga pahayag ang nagpapakita ng kahinaan ng mga kababaihan?
 A. Sunod-sunuran sa desisyon ng lalaki.
 B. Walang pakialam sa pangyayari sa paligid.
 C. Maging tapat sa isang samahan.

2. Anong uri ng samahan ang makikita ninyo sa mag-asawang Millard sa kuwento?
 - A. Masayang samahan ng mag-aasawa.
 - B. Kulang sa pagmamahalan, hindi nagbibigayan, at puro awayan.
 - C. Hindi ginagalang ang karapatan ng asawa.
3. Sa bahagi ng kuwento, alin sa pahayag ang umiiral pa na katangian sa kasalukuyan panahon?
 - A. Ang hindi pagkakapantay ng karapatan ng kababaihan sa kalalakihan.
 - B. Hindi binibgyang karapatang mag-aral ang mga kabataan.
 - C. Walang puwang sa mundo ang mga matatanda.
4. Ayon sa akda, ano ang tinutukoy na “isang bulag na paniniwala”?
 - A. Ang pag-ibig ay walang pinipiling edad.
 - B. Ang babae at lalaki ay may karapatang magpataw ng kagustuhan sa isa’t isa.
 - C. Ang mag-asawa ay dapat magsama habang buhay.
5. *“Nang mapawi ang matinding unos ng dalamhati ay agad siyang nagkulong sa kanyang silid”*. Ang pahayag ay nangangahulugang ____
 - A. Wala na siyang nararamdaman.
 - B. Nadismaya sa pangyayari kaya agad siyang nagkulong sa silid.
 - C. Nang nawala ang sakit na kaniyang nararamdaman ay agad siyang nagkulong sa silid.
6. Si Josephine ay nakaluhod sa labas ng nakapinid na pinto habang ang mga labi ay nakadikit sa susian at nagmamakawaang papasukin siya. Ano ang katulad na kahulugan sa nasalungguhitang salita?
 - A. nakabukas
 - B. nakasara
 - C. nasira
7. Madaling makuha ang mensahe ng manunulat kung ____
 - A. Ang mambabasa ay may malalim na pag-unawa sa panitikan.
 - B. Ang mambabasa ay naaliw sa binasa.
 - C. Ito ay binabasa nang nag-iisa.
8. Isa sa mga balangkas ng suring-basa ay tumutukoy kung paano matigatig ang emosyon ng mambabasa.
 - A. Paksa
 - B. Buod
 - C. Bisa sa damdamin

9. Batid ng lahat na may sakit sa puso si Ginang Mallard kaya alam nila ang pag-iingat na gagawin sa pagpapaalam sa masaklap na balitang patay na ang kaniyang asawa. Tukuyin ang salitang magkakatulad ang kahulugan sa loob ng pahayag.
- A. pag-iingat at pagpapaalam
 - B. batid at alam
 - C. sakit at pata
10. Sa iyong paghihinuha, bakit paulit-ulit ang pagbigkas nang pabulong, na “malaya, malaya, malaya!”
- A. Malaya na niyang gawin ang gusto niya na walang makiki-alam.
 - B. Siya ay pinalaya ng mga pulis.
 - C. Pinalaya na niya ang nakatagong pagmamahal.



Pagnilayan Natin

Halika! Basahin mo ang isa pang maikling kuwentong kapupulutan ng aral.

Sa Loob ng Love Class ni Eric O. Carino

Lunes na naman. At tulad ng iba pang mga lunes na nagdaan sa mga nakalipas na mga linggo, wala itong ipinagkaiba. Muli na naman akong maghahanda para sa isang buong linggong pakikipagsapalaran sa piling ng mahigit dalawandaang mag-aaral ng iba’t ibang mag-aaral na may iba’t ibang kuwento rin ng buhay.

Pagkatapos ng maikling programa upang ianunsiyo ng iba’t ibang departamento ang nakamit na parangal sa mga paligsahang dinaluhan at pinanalunan, sabay-sabay naming tutunguhin kasama ng aking *advisory class* ang aming silid-aralan sa unang palapag sa gusali ng JDV. Doon ang aming kaharian at lugar na tinatahanan.

Payak lamang ang maraming pangyayari sa aming klase sa araw-araw na nagdaraan. Kung hindi man aralin sa mga pahina ng aklat ang aming pinag-aaralan, sama-sama kaming nakikipagsapalaran upang tuklasin at pag-aralan ang tungkol sa buhay-buhay ng kanilang mga problema sa buhay, sa pamilya, sa mga kaibigan, at maging sa mga napupusuan. At ang tanging pang-aliw na ginagawa ko sa kanila ay ang busugin sila ng maraming katatawanan, *punchline*, at mga *joke* upang kahit sa sansaglit makita nilang masaya ang buhay at may mga dahilan para tumawa at maging maligaya.

Halos lahat ng mga mag-aaral ko sa aking klase ay malapit sa akin at “*in love*” ako sa kanila – isang kakaibang uri ng pagmamahal na nasa hangganan ng pagiging nakatatandang kapatid at tapat na kaibigan sa kanila.

Kinaibigan ko ang marami sa kanila at sinadya ko iyon sapagkat sa paraang iyon ko maaaring mapasok ang buhay at maintindihan ang pagkatao ng ilan sa kanila. Hindi ko lubos na maunawaan kung bakit madalas silang taguriang “pasaway” – mga hanay ng mag-aaral na madalas ay ituring ng iba pa nilang mga guro bilang “*problem students*,” mga tinaguriang *troublemakers*’ ng taon dahil sa maraming negatibong komento sa kanila. Ngunit hindi sa klase ko. Hindi ko kailanman tinitingnan ang kapintasang ipinupukol sa kanila bilang isang negatibong puwersa upang kamuhian ko rin sila. Marahil kung katulad din ako ng iba nilang mga guro, sino pa kaya ang magmumulat sa kanila na kailanman ay hindi sila pasanin sa loob ng eskuwelahan? Sino pa ang magpapaunawa sa kanila na sila ay mga espesyal na indibidwal at maaaring kapakinabangan ng lipunan sa paglipas ng mga taon? Sila ay mga bata at nangangailangan ng paglingap na hindi nila maramdaman o makita sa kanilang sariling mga tahanan.

Marami sa mga mag-aaral sa aking klase, kung hindi man produkto ng *broken family* ay walang mga magulang na kumakalinga sa kanila. Mga batang napapabayaan.

Alam ko iyan at nalaman ko iyan nang minsang dinalaw ko at nagsagawa ng *home visit* at *background check*. Doon, namulat ang aking isipan sa masaklap na karanasan ng kabataang ito – bagay na hindi alam ng iba pa nilang mga guro.


Ikinalungkot ko ang mga pangyayari sa buhay ng ilan sa aking mga mag-aaral. Si Aldrin, iniwan ng kaniyang ina, nangibang-bansa at iniwan sa pangangalaga ng isang malayong kamag-anak. Sinasaktan siya ng pinag-iwanan sa kaniya kaya’t lumayas siya at nakikitira ngayon sa mga kaibigan. Napasok ko rin ang buhay ni Sarah na minsan o dalawang beses lamang nakapapasok sa eskuwela. Nalaman ko sa kaniyang ina na siya lamang ang nakatutulong niya sa pag-aalaga sa apat pang maliliit na kapatid habang sila ay nasa bukid. Si Miguel naman, bagsak sa mga *major subject* niya dahil sa gabi-gabing pagpupuyat sa pagtitinda ng lugaw at kape sa plasa. Ang plasa ay buhay at pinagkukunan niya ng pang-agdong buhay sa piling ng paralisadong ama. Lalo pang kinurot ng malungkot na kapalaran ni Jessa ang aking damdamin nang mabatid kong dalawang buwan siyang buntis sa kaniyang lasenggong tiyuhin. Ang masaklap pa nito, hindi alam ng kaniyang mga magulang ang pangmomolestiya nito sa kaniya. Pinagkunan na niyang minsan ng mga halamang-ugat si Aling Loring upang wakasan ang buhay ng nasa kaniyang sinapupunan subalit napigilan lamang siya ng kaniyang

kasintahan. Lahat ng mga pangyayaring ito ay hindi lantad sa paningin ng marami sa aking mga kasamahang guro. Isang maling panghuhusga ang walang kabutihang maitutulong sa kanila upang kahit papaano’y malaman nila na kailanman ay hindi sila pasanin at may mabibigat na problemang dinadala.

Ang lahat ng katotohanang natuklasan ko ay ikinabahala ng aking mulat na pang-unawa. Simula noon, tinalikdan ko ang pagtuturo lamang ng mga aralin at sinimulan ko silang turuan ng mga aralin tungkol sa buhay, ng mga aralin sa labas ng paaralan, at ng mga karanasan na wala sa mga pahina ng mga aklat. Nagbago ang aking pananaw at doon ko sinimulang iparamdam ang higit na pagmamahal, pag-unawa at pagkalinga sa kanila. Ang tanging kailangan lamang nila ay isang pusong magpaparamdaman at magpauunawa sa kanila na higit pa palang mas mahirap ang mga aralin sa buhay na kinakaharap nila kaysa mga leksiyon sa Agham, Ingles, o Matematika. Doon ko lubos na naunawaan ang kuwento ng kanilang buhay na salat sa pagmamahal. Dito man lamang sa loob ng pangalawa nilang tahanan maramdaman nilang ang mga “*problem maker*” ay maaari naming maging “*dream makers*”.

Ambat, V., et. al, Filipino Modyul 10 para sa mag-aaral, pp. 225-226.

- A. Panuto:** Ihambing ang akda sa iba pang katulad na genre batay sa tiyak na mga elemento nito. Makakatulong ang iyong nabasa sa paghahambing. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.



Narito ang panuntunan sa pagbibigay ng puntos sa iyong sagot.

	10	5	3
Pamantayan	Napakahusay	Mahusay	Katamtaman
Malinaw na naihambing ang akda sa iba pang katulad na genre.			
Tiyak ang pagpapaliwanag			



Susi sa Pagwawasto

Subukin Natin 1. B 2. C 3. A 4. C 5. A	Pag-unawa sa Binasa 1. C 2. B 3. C 4. B 5. B	Gawin Natin 1. B 2. B 3. C 4. A 5. C
Sanayin Natin 1. A 2. B 3. C 4. A 5. A	Suriin Natin A. 1. B 2. C 3. A 4. C 5. A B. 1. Pagluha-Paghiikbi 2. Tunog-Himig 3. Kasinng-ingat- Kasimbayanayad 4. Mataas-Mahaba 5. Natanaaw-Nakita	Payabungin Natin 1. A 2. C 3. A 4. B 5. C 6. B 7. A 8. C 9. B 10. A



Sanggunian

Ambat, Vilma C., Ma. Teresa B. Barcelo, Eric O. Cariño, Mary Jane R. Dasig, Willita A. Enrijo, Shiela C. Molina, Julieta U. Rivera, Roselyn C. Sayson, Mary Grace A. Tabora, at Roderic P. Urgelles Filipino 10 Modyul para sa Mag-aaral, Pasig City Philippines: Vibal Group Incorporation, 2015.

Marasigan, Emily V., and Mary Grace Del Rosario, Alma M. Dayag, Pinagyamang Pluma 10 K to 12 Aklat 1, Quezon City Philippines, Phoenix Publishing House, Incorporation, 2015.

For inquiries or feedback, please write or call:

Department of Education – Region XI

F. Torres St., Davao City

Telefax: 227-4726

Email Address: lrms.regionxi@deped.gov.ph